

# CHAPTER *One*

**P**ara sa babaeng nakaratay sa hospital bed, napaka-cliché ng mga kwento kung saan nagigising na lang ang mga bida sa ospital na may amnesia. Kung paano niya alam iyon, hindi niya maalala.

Dahil may amnesia siya.

Nakatingin siya ngayon sa luhaang mukha ng mga nakapaligid sa kanya

“Oh, my God, Robert,” hagulgol ng maganda at may edad nang babae habang nakayakap ito sa guwapo at matikas na lalaking may edad na rin. “She can’t remember us!”

Gusto niyang abutin ang kamay ng babae, kung sino man ito, para aluin ito. Gusto niyang sabihin na

sandali lang naman siguro ang karamdaman niya. She was sure mamaya, sasakit na lang ang ulo niya tulad ng mga heroine sa libro at pelikula, pagkatapos ay babahain siya ng mga alaala.

Damn it! She still had no idea why she could remember all that gayong hindi niya alam kung sino ang magkapareha na nag-aalalang nakatingin sa kanya.

Were they her parents? Siguro. Hindi niya maalala ang pangalan ng mga ito, pero nararamdaman niya ang pagkagiliw para sa dalawa, iyong gaan ng loob niya. Kung mga magulang niya ito, she was obviously fond of them.

“Okay lang po ako,” sabi niya na mahina ang tinig. Masakit kasi ang lalamunan niya na parang puno ng buhangin at isang taong di nadaanan ng tubig. “I’m sure temporary lang po ito.”

Binitawan ng babae ang lalaki para muling kunin ang mga kamay niya. “I’m sorry, baby,” sabi nito, sumisinghot. “We shouldn’t distress you. I’m sorry.” Huminga ito nang malalim at pilit na kinontrol ang mga emosyon pero muli itong naiyak. “Ako ang papa mo,” pakilala nito sa kanya. Hinawakan ng lalaki ang balikat ng “mama” niya. “Nilda, please,” mahinahon nitong saad.

“I’m sorry, I’m sorry.” Pinunasan ng ginang ang

luhaang mga pisngi.

“Pasensya ka na, hija. It’s been a difficult week for everyone,” sabi ng lalaki na pinagmamasdan siya gamit ang mga matang basa rin sa luha.

Tumango siya at binigyan ito ng isang maliit na ngiti.

“Can you remember anything at all? Ano ang huli mong naaalala?”

Nag-concentrate siya. “Namatay po si *Jon Snow*.”

Muling nalukot ang mukha ng mama niya. “Robert,” hikbi nito. “Ibinalik siya ng aksidente niya sa season five ng *Game of Thrones*!”

Kung hindi lang masakit ang buo niyang pagkatao, baka natawa siya.

“Nilda,” buntong-hininga ng kanyang papa na hinaplos ang buhok ng mama niya bago siya binalingan. “So naaalala mo ang *Game of Thrones*?”

Did she? Yeah, she did. Si *Jon Snow*, si *Arya Stark*, si *Tyrion Lannister*...

Tumango siya.

“Pero ’yung pangalan mo?”

Ayun, blangko na naman ang utak niya. How the heck does she remember a name like *Daenerys Targaryen* and not know her own name?

Hindi siya sumagot kaagad, hinihintay na sumakit ang ulo niya gaya ng mga cliché na amnesia

stories, pero hindi iyon nangyari. Kung masakit ang ulo niya, iyon ay dahil mahapdi ang mukha niya. Umiling siya.

Pero bago pa masabi ng kanyang ama ang detalyeng iyon, bumukas na ang pinto at humahangos na pumasok ang isang... diyos.

Tall, dark and gorgeous ang peg ni Kuya na may magulo at slightly wavy na buhok na para bang ilang beses pinadaan ng mga daliri. He had a boyish face with a straight, narrow nose, well-defined cheekbones and an angular jaw that was currently dark with sexy stubbles. Kasalukuyang namimilog sa pag-aalala ang mga mata nito na agad nagtuon sa kanya. Parang uminit. Parang nawala lahat ng sakit sa katawan niya dahil sa paghagod ng mga mata nito sa mukha niya.

Sino ba ito? Ito ba ang doktor niya? Ang casual naman kasi. Nakasuot lang ng simpleng dark blue na polo shirt at jeans ang lalaki.

Bumuga ito ng hangin at mabagal na lumapit sa hospital bed niya at ipinatong ang isang kamay sa railing sa gilid niyon. Noon niya nakita ang suot nitong wedding ring.

Ay, sayang ang pagpapantasya niya. May asawa na pala.

Saka nito inabot ang kamay niya. Nang magsalita

ang lalaki, garalgal ang tinig nito. “Marga, are you all right?”

*Sino si Marga?*

“Raphael,” tawag ng papa niya at mabagal na inalis ng guwapo pero unavailable nang lalaki ang paningin mula sa mukha niya papunta sa papa niya. “She doesn’t remember anything.”

At dahil hindi niya inalis ang tingin sa mukha nito, nakita niya ang pagsasalubong ng mga kilay ng lalaki. “Ano po’ng ibig ninyong sabihin?”

“May amnesia siya.”

Muling bumalik sa mukha niya ang mga mata ni... Raphael, was it?

Umiling siya, nahihiya na sa lagay niya. “I’m sorry. Wala talaga akong maalala. Uhm, who are you?”

“I’m Raphael,” sagot nito. “Your husband.”

Namilog ang mga mata niya. “Seryoso ka?” bulalas niya.

Parang hindi nito alam kung ano ang isasagot sa kanya. “Oo.”

God, paano siya nakabingwit ng ganito kaguwapong nilalang? Maganda ba siya? Bigla ay gusto niyang manghiram ng salamin para makita ang hitsura niya. Ma-di-disappoint siya kung hindi siya mukhang beauty queen. Tiningnan niya ang

sariling kamay pero wala siyang suot na wedding ring.

“Inalis nila ’yung singsing mo n’ung dinala ka nila rito,” sabi nito nang mapagtanto kung ano ang hinahanap niya.

Nang muli niyang tingnan si Raphael, hinihila na nito palabas ng bulsa ng pantalon nito ang isang wedding ring. Inilahad niya ang palad niya para roon at inabot iyon sa kanya ng lalaki. Pinagmasdan niya ang singsing at nakita ang engraving sa loob.

*Raphael 05-13-16*

Muling bumalik sa mukha ni Raphael ang mga mata niya. “Gaano katagal na tayong kasal?”

“Isang buwan mahigit.”

“Bago tayo ikinasal, gaano katagal na tayong mag-boyfriend?”

Kumibot ang mga labi nito. “Isang buwan mahigit.”

Muling namilog ang mga mata niya.

“Whirlwind romance,” sabi nito na nagkibit-balikat.

Kumurap siya at muling tiningnan ang singsing sa palad niya. “Ano’ng nangyari sa ‘kin?”

Ang mama niya ang sumagot. “Nahulog ka sa hagdan. Nabagok ka n’ung bumagsak ka. Buti nand’un si Raphael at nadala ka kaagad sa ospital.”

Ito ang nilingon niya.

“Sumabit ’yung takong mo sa baitang,” paliwanag ng lalaki.

“Ilang beses ko na kasi sinabing ’yang mga sapatos mo ang papatay sa ’yo, eh,” sabi ng papa niya.

“Robert,” pabuntong-hiningang saway ng kanyang ina.

“O, bakit? Tama naman ako. Magkano ang isang pares n’ung suot niya n’ung nahulog siya? Kung naka-rubber shoes siya n’un, hindi sana siya natapilok.”

Napangiti si Marga sa usapan ng dalawa. Wala siyang maalala, pero alam niyang hindi iyon ang unang beses na narinig niya ang ganoong palitan ng dalawa.

Muli niyang nilingon ang “asawa” at nakitang pinagmamasdan siya nito. Naramdaman na naman niyang lumundag ang puso niya. Ang guwapo kasi nito! Hindi talaga siya makapaniwalang asawa niya ito. Gusto niyang malaman ang love story nila.

Saglit siya nitong pinagmasdan bago nito binalingan ang mga magulang niya na nagtatalo pa rin dahil sa sapatos niya.

“Pag na-discharge na po si Marga, gusto ko siyang iuwi muna sa ’min sa Zambales.”

Natigilan ang mama at papa niya.

“Bakit?” sabay na tanong ng dalawa.

“Para makapagpahinga muna siya.”

“Pero hindi ba dapat dito siya? May amnesia siya. Kailangang nasa lugar siya na pamilyar sa kanya saka napapaligiran ng mga pamilyar na bagay para mas mabilis bumalik ang alaala niya,” pangangatwiran ng mama niya.

“Opo, Ma, pero mas gusto kong nand’un siya. Mas tahimik d’un, mas kaunti ang stress niya. Mas mapapahinga ang utak at katawan niya doon.”

“Pero mas maraming mag-aalaga sa kanya sa bahay,” giit ng papa niya.

“May mag-aalaga rin po sa kanya d’un. Saka sasamahan ko naman siya. Hindi siya mapapabayaang doon.”

Nilingon siya ng papa niya. “Ikaw, hija, gusto mo bang sumama kay Raphael sa Zambales?”

Muli niyang sinulyapan ang asawa. Sa totoo lang, gusto yata niyang sumama rito kahit saan pa ito magpunta.

“Hindi ka pa nakakapunta d’un,” sabi nito. “Pero naikuwento ko na sa ’yo ’yung mango farm ng pamilya namin. Balak sana nating magpunta d’un kapag... kapag mas maluwag na ang schedule natin.”

May punto ang mga magulang niya. Kung tama ang alam niya tungkol sa amnesia, kailangan



niyang mapaligiran ng mga pamilyar na bagay para mapabilis ang pagbalik ng alaala niya. Pero kung susundin niya ang puso niya, gusto niyang sumama kay Raphael. Isa pa, maaari naman nitong sabihin sa kanya ang mga gusto at kailangan niyang malaman, hindi ba?

“Sasama na lang po ako sa Zambales... Papa. Para nga po kasing matagal ko nang gustong magpunta doon. Nararamdaman ko po.”

Bumuntong-hininga ang ginoo. “Di, sige. Doon muna kayo sa Zambales.”



Dalawang araw pang nanatili si Marga sa ospital bago siya tuluyang na-discharge. Normal kasi ang lahat ng tests niya at maliban sa minsanang panakit ng ulo at ang pamamaga ng bukong-bukong niya na kinakaya naman ng hot compress, wala na siyang ibang dinaramdam.

Sa loob ng dalawang araw, ang mama niya ang kausap niya. She found out that her name was Margaret Montemayor-Guevarra and that she was twenty-four.

Ikinuwento nito sa kanya ang buhay niya mula nang ipanganak siya hanggang sa araw na naaksidente siya. Dumating din ang best friends

niyang sina Lani at Rachel na childhood friends niya at kasama niya ngayon sa trabaho. Maging ang dalawa ay nagkuwento tungkol sa buhay niya. Dinala rin ng papa niya ang mga photo album at ipinakita sa kanya ang mga larawan niya noong bata siya.

Nakita na rin pala niya ang mukha niya noong bata siya. She had an oval face, with big, round eyes na awa ng Diyos ay may makapal na mga pilik, at medyo wavy na buhok na wish niya ay unat. Her nose was a bit thin with a slightly upturned tip. Inisip niya kung natural iyon o pinagawa niya, pero sa palagay niya ay hindi naman siya iyong klase ng taong magpapagawa ng ilong. Mukhang natural din ang mga labi niya.

She looked okay to her. Hindi siya napangitan sa sarili, pero naisip pa rin niya kung paano niya nabighani si Raphael na talagang nagpakasal sila matapos ang mahigit lang isang buwang mag-boyfriend.

Nang tanungin niya ang mama niya tungkol doon, tumawa ito. “Naku, sweetie, hindi ko masasagot ’yan. Nagulat na lang din ako n’ung sinabi mong magpapakasal kayo. I mean, I knew you had a huge crush on him pero hindi ko inakalang ganoon ka ka-seryoso sa kanya.”

Ruled out na ang dahilang nagpakasal siya dahil

buntis siya dahil walang nababanggit ang mga ito. Siguro naman kung buntis siya, iyon ang una nilang sasabihin sa kanya matapos malamang may amnesia siya, di ba?

“Raphael worked his way up sa kompanya ng papa mo. Nagsimula siyang messenger sa opisina sa Olongapo.”

Namamangha pa rin si Marga na pag-aari nila ang isa sa mga pinakasikat na real estate developers sa Pilipinas. It was weird that she knew of their condos, pero hindi niya alam na sila ang may-ari ng mga iyon.

“He worked his way up from there. He moved from Olongapo to the corporate offices about three months ago when he was given an offer to head a mergers and acquisitions team,” patuloy ng mama niya, “Nakilala mo siya n’un at sinabi mo ngang crush mo siya. The next thing we know, magpapakasal na kayo.”

Nakita rin niya ang mga wedding pictures nila ni Raphael. Medyo na-disappoint siyang malaman na civil wedding lang iyon, pero may dahilan naman siguro sila ng lalaki kung bakit hindi sila nagpakasal sa simbahan.

Nagkuwento pa ang mama niya. Halatang gusto nito ang asawa niya. Mabait daw kasi si Raphael,

maalaga sa kanya at masipag magtrabaho.

Ngayong nakauwi na sila sa bahay ng mga magulang niya, inaalalayan siya ng lalaki paakyat sa silid nila matapos silang maghapunan. Ang “silid” na iyon ay may sariling sala. Nasa isang banda ang king-size bed at isang work desk na may computer. May mga picture frames na puro larawan niya at ng mga magulang at kaibigan niya ang naroon, bukod sa isang picture frame sa nightstand na larawan nilang dalawa ni Raphael.

Agad niyang napansin na parang walang gamit ang lalaki sa silid nila. “Ang laki naman ng kuwarto natin,” sabi niya nang makaupo sa kama.

“Kuwarto mo nga lang ’to dati, n’ung bago tayo ikasal.”

Nagulat siya. “Talaga? Naisip ko ako ’yung mas gusto ng mas maliit na space.”

Bumilis ang tibok ng puso niya nang maupo ito sa tabi niya sa kama. She could smell his warm skin and the subtle scent of the cologne he used. Gusto niyang sumubsob sa leeg nito. Puwede naman niyang gawin iyon dahil asawa niya ito, di ba? She felt the affection she had for him, at alam niyang crush niya ito. Gayunpaman, hindi pa rin niya makuhang abutin ito at hawakan. He was her husband, but he was currently also a stranger to her.

“Actually, oo, mas gusto mo ng maliit na space. Gusto mo nga ’yung dati kong inuupahan kaya lang masyadong maliit ’yun para sa ’tin. Kaya nga ako pumayag na dito muna tayo tumira. Siyempre, gusto ko may sarili tayong bahay pero wala pa tayong mahanap na lilipatan.”

Sinulyapan niya ito at nakitang inililibot nito sa silid nila ang mga mata.

Ngayon lang sila nito napag-isa. Kapag nasa ospital kasi ito, laging naroon ang isa o pareho sa mga magulang niya. Gusto niya itong kulitin tungkol sa kanilang dalawa.

“Can I ask you a question? Well, actually, mas marami sa isang question.”

Nilingon siya ni Raphael at nginitian. “Sure.”

“Paano tayo nagkakilala?”

“You came into my office to welcome me to the company.”

She could believe that. Ang sabi ng mama niya, nagtatrabaho siya sa Employee Relations na bahagi ng Human Resources department ng kompanya.

“Na-love at first sight ka sa ’kin kaya niligawan mo ako kaagad,” patuloy nito.

“Ha?” bulalas niya.

Tumawa ang lalaki. “Biro lang. Pero sabi mo nagka-crush ka kaagad sa ’kin.”

Tumikhim siya. “Eh, ikaw? Nagka-crush ka ba kaagad sa ‘kin?”

Seryoso ang ekspresyon nito sa mukha nang lingunin siya para pagmasdan. “Why wouldn’t I? You’re beautiful.”

Nadama ni Marga na namula ang mga pisngi niya at mahiyain siyang ngumiti. “Paano mo ako niligawan?”

“Well, hindi kasi tayo nagligawan talaga.”

“Hindi nga?”

Tumango ito. Bumuga siya ng hangin at tumingin sa sahig, nakaawang ang mga labi at kunot ang noo.

“You were the one who asked me out.”

Napabaling siya rito sa gulat. Pinakiramdaman niya ang sinabi ni Raphael bago tinakpan ang mukha.

“God, oo nga. I *am* the type of girl who can ask a guy out.”

“Okay lang. I found your confidence sexy. Saka naunahan mo lang talaga ako. Binabalak ko na rin namang ayain kang lumabas.”

Muli niya itong nilingon. “Did I sleep with you on the first date?”

His smile was teasing. “No.”

She sighed with relief.

“You slept with me on the second.”

Muli siyang umungol at nagtakip ng mukha sa kahihyan.

Nadama niyang hinaplos ng asawa ang buhok niya. “If it will make you feel better, you were a virgin.”

Nag-angat siya ng ulo. “I was?”

Tumango ang lalaki. He was right. It made her feel better. Slight lang pero better pa rin. At least hindi naman pala talaga siya babaeng pakawala.

“Bakit tayo nagpakasal kaagad? Hindi naman siguro dahil buntis ako. Wala namang nagbanggit sa 'kin n'un.”

“Hindi, hindi 'yun,” sagot ng lalaki. Hinintay niyang magbigay ito ng ibang dahilan, pero nanatili itong tahimik.

“So, does this mean we're crazy in love with each other?”

Muling nagtama ang mga paningin nila. “Ano sa palagay mo?” tanong ni Raphael.

“Naisip ko kasing hindi tayo magmamadaling magpakasal kung hindi natin mahal ang isa't isa, lalo na kung hindi naman ako buntis.” Sumimangot siya, nag-iisip. “I also don't think I'm the type of woman to get married just because I'm pregnant. I'd only marry you if I'm in love with you, pregnant or not.”

She wasn't the type of person to sleep with a guy if she wasn't in love with him either... *Pero second date, Marga?*

"Then that answers your question," saad nito.

*No, not really.*

Pero tumayo na si Raphael. "Magpahinga ka na muna. Mag-e-empake ako ng mga damit para sa pag-uwi natin ng Zambales bukas."

Sinundan niya ng tingin ang asawa nang magtungo ito sa isang pintuan na papasok pala sa isang dressing room. Marami pa sana siyang gustong itanong pero parang ayaw nang pag-usapan ni Raphael ang mga bagay na iyon.

Sige, huwag muna. Malalaman din naman niya ang mga gusto niyang malaman. Itutuon muna niya ang lahat ng enerhiya niya sa pagpapagaling.

Isa pa, ang mas mahalagang tanong ngayon ay kung tabi silang matutulog nito o hindi.



## CHAPTER *Two*

*N*akasilip si Marga sa labas ng bintana ng sinasakyang SUV nang lumiko iyon papasok sa bakuran ng bahay nina Raphael sa Candelaria.

Malawak ang bakuran na may tanim na mga bougainvillea sa harapan, at may vegetable garden sa gilid. May mga manok ding malayang nagtatakbuhan sa bakuran na hinahabol ng isang mapaglarong asong may lahi sigurong Labrador Retriever. Tanaw rin niya mula sa sasakyan ang di niya mabilang na mga puno ng mangga.

Huminto ang sasakyan sa tapat ng bahay. Luma ang disenyo niyon na parang bahay noong panahon ng Kastila na may mga sliding windows na gawa sa

kahoy at capiz at mga terasa na parang sumaksi sa ligawan nina *Crisostomo Ibarra* at *Maria Clara*.

She loved it. She thought it was incredibly romantic.

Naunang bumaba si Raphael mula sa tabi niya pero binuksan na ni Marga ang pinto. Sinalubong siya ng aso na mabilis na kumakawag-kawag ang buntot. Hindi niya ito natiis at hinaplos niya ito sa pagitan ng mga tainga.

Nakangiti pa rin siya sa aso nang daluhan siya ni Raphael. Akala niya ay tutulungan lang siya ng asawa na makababa ng sasakyan. Namamaga pa rin kasi ang bukong-bukong niya. Kaya niyang maglakad basta hindi niya masyadong itutukod ang isang paa kaya nagulat siya nang pangkuin siya nito.

Mahina siyang tumawa at humawak sa balikat nito bago inilipat ang kamay sa braso pagkatapos ay sa balikat ulit ni Raphael. Hindi kasi niya alam kung saan ilalagay ang mga kamay.

Kagabi, doon ito natulog sa sofa sa silid nila. Siguro naintindihan nito ang pag-aalinlangan niyang matulog sa tabi nito. She was touched by the gesture considering siya pala ang nanlandi rito at ang bilis pa niyang isinuko ang Bataan sa lalaki. Ipinakita lang ng ginawa nito na gentleman din ang

napangasawa niya.

Sa huli, humawak na lang siya sa balikat nito at mahiyaing ngumiti sa babaeng sumalubong sa kanila.

“Tinanghali na kayo!” sabi nito na nagmamadaling pumasok sa sala para itabi ang mga throw pillows para maibaba siya ni Raphael sa sofa.

“Tanghali na rin kasi kami nakaalis ng Manila, Auntie Sol.” Nagmano ito sa babae saka ito inakbayan at iniharap sa kanya. “Ito po nga pala si Marga, asawa ko po.”

“Good afternoon po.”

“Good afternoon! Kumusta ka na? Naikuwento kasi nitong si Raphael na naospital ka raw,” tanong nito na may pag-aalala sa mga mata. “Ano ba’ng tawag sa sakit mo? ’Yung sa kalimot?”

“Amnesia po.”

“Ayun, amnesia. Hindi ba masakit ’yun? Sumasakit ba ang ulo mo?”

“Hindi naman po. Minsan lang po sumasakit pero okay lang daw po ’yun. Puwede daw pong inuman ng gamot sabi ng doktor. Daanin na lang din daw po sa pahinga.”

“Naku, mapapahinga ka talaga rito,” masaya nitong saad. “Tahimik kasi rito saka sariwa ang

hangin. Mamasyal kayo d'yan sa manggahan saka sa dalampasigan.” Nakangiti siya nitong pinagmasdan. “Pasensya ka na, ha, hindi kasi kami nakadalo sa kasal ninyo ni Raphael. Ito kasing batang ito... Ay, teka, napakuwento na ako! Kumain na ba kayo? Nagluto ako kanina ng dinengdeng.”

“Kumain na kami sa biyahe, Auntie,” sagot ni Raphael. “Pagpapahingahin ko na lang muna si Marga.”

“Ay, sige. Nilinis ko na 'yung mga kuwarto kanina. Ipapaakyat ko na lang kay Timothy 'yung mga gamit ninyo,” tukoy nito sa anak na binatilyo.

“Sige po.”

Nang akma siya nitong bubuhatin ulit, umiling na siya. “Okay lang akong maglakad.”

“Pero mas okay kung bubuhatin na kita,” giit ng lalaki.

“Magpabuhat ka na!” masayang sabat ni Auntie Sol na parang kinikilig-kilig pa sa kanila. “Malakas naman 'yang batang 'yan. Kayang-kaya ka niyan.”

Natawa na si Marga. “Sige na nga.”

Ngayon, ibinalot na niya sa mga balikat ni Raphael ang mga braso niya. Umakyat sila sa ikalawang palapag at ipinasok siya nito sa silid sa kanan.

Kasing-laki lang iyon ng dressing room nila sa bahay ng mga magulang niya pero agad siyang na-in love sa silid. Makitab na kahoy ang mga sahig at kulay krema ang mga dingding. Dark blue ang coverlet na nakatakip sa kutson sa double bed na gawa rin sa kahoy. Kahoy rin ang nightstand sa magkabila niyon. Bukas ang mga bintanang gawa sa capiz at tanaw mula roon ang mga puno ng mangga. May mga closets sa isang banda, isang vanity at silya, at bukas ang pinto papasok sa banyo. Sa kabila ay ang pinto palabas ng terasa.

Ibinaba siya ni Raphael sa kama saka ito naglakad papunta sa pinto at in-on ang ceiling fan.

“Ang ganda naman dito sa inyo,” sabi niya na pilit tinatanaw ang plantasyon sa likod-bahay. “Dito ka ba lumaki?”

Nakita ni Marga ang biglaang tensyon sa mga balikat ng asawa bago ito muling nag-relax. “Hindi. Sa Olongapo ako lumaki. Teenager na ako n’ung lumipat ako rito.” Sumenyas ito sa terasa. “Gusto mo bang lumabas?”

Tumango siya at nagsimulang tumayo pero binuhat siya nitong muli. Masyado yata itong nag-enjoy sa pagbuhat sa kanya. Pero sa loob-loob niya, okay lang. Magrereklamo ba siya, eh,

nakakachansing siya sa matigas nitong katawan. Pinaupo siya nito sa bangkong gawa sa kahoy saka ito naupo sa tabi niya.

“Ang daming puno ng mangga! Alam mo ba kung ilan sila lahat?”

“Three hundred sixty-five.”

“Talaga? One for every day of the year?”

“Oo. Ipapasyal kita bukas kung gusto mo.”

Masaya niya itong binalingan. “Sige!”

Tumango si Raphael at muling pinagmasdan ang mga puno. “Sa kabilang dulo nitong manggahan nakatira ’yung dating may-ari,” simula ng lalaki. “Nagtrabaho kami ni Uncle Ruel para sa kanya. Taga-harvest kami ng mangga niya.”

“Kailan ’yun?”

“N’ung teenager ako. Nagtatrabaho ako pagkauwi galing eskuwela saka kapag weekend. Two years ago, pinetisyon ’yung may-ari ng anak niyang nasa America kaya ibinenta niya ’yang manggahan. May ipon naman na ako n’un saka mabait ’yung si Sir Oka kaya pumayag siyang magbigay lang ako ng down payment ’tapos huhulugan ko na lang ’yung kulang. Kakatapos ko lang siyang mabayaran nang buo kaya sa ’min na ’yan. Si Uncle Ruel na ang nangangalaga.”

Lalong naging malinaw sa kanya kung bakit siya

nagkagusto agad kay Raphael. Ideal man niya ito! Hindi lang ito masipag at magaling magtrabaho, halatang mabuti at mapagmahal din ito sa pamilya.

Sa bawat maliit na detalyeng nalalaman ni Marga tungkol sa asawa, mas lalong nadadagdagan ang paghanga niya kay Raphael. Sumama siya rito para muling makilala ang lalaki. Gusto niyang maging malinaw sa kanya kung bakit niya ito pinakasalan nang ganoong kabilis. Gayong pihikan daw siya sa mga lalaki, sabi ng mga kakilala.

Kung ganito naman kasi ang iibigin, hindi na siya magtataka. And she knew it was going to be so easy to fall in love with her husband again.



Bagong gising sa pagkakaidlip niya si Marga nang mapagpasyahang ayusin na ang mga gamit sa bago niyang silid. Mga damit at toiletries ang laman ng isang bag habang mga romance novels, ilang notebooks at isang pouch na puno ng mga ball pens, lapis, markers at colored pens ang laman ng isa pa.

Binuklat niya ang notebook at nadamang lumundag ang puso niya nang mapagtantong journal niya iyon. Enero noong nakaraang taon ang petsa sa unang entry at December 31st ang huli. Tiningnan pa niya ulit ang bag pero wala nang ibang

journals. Nanghinayang siya. Wala kasi roon ang kuwento nila ni Raphael. Sigurado niyang mayroon din siyang journal para sa kasalukuyang taon, pero hindi yata niya iyon dala.

May kumatok sa pinto at nalingunan niya si Raphael.

“Kakausapin ka raw ni Mama,” sabi nito nang makapasok ng silid. “Naiwan pala natin sa kuwarto ’yung bag kung saan ko inilagay ’yung telepono saka tablet mo kaya sa ’kin tumawag.”

“Ay, okay.” Inabot niya ang telepono. “Hello, Mama?”

“Hello, baby! Kumusta na kayo?”

Napangiti siya sa tinig ng mama niya. “Okay lang po. Ang ganda po pala rito.”

“Sabi nga ni Raphael. Hayaan mo at makakarating din kami ng papa mo d’yan. Huwag lang ngayon kasi obvious namang gusto kang solohin ng asawa mo kaya pagbibigyan namin siya,” bungisngis nito. “Inaalagaan ka ba niya d’yan?”

Namula ang mga pisngi niya at nilingon niya ang asawa na siya nang naglalagay ng mga damit niya sa aparador nang hindi niya inuutusan.

“Opo. Hindi po niya ako pinapabayaang.”

“Aba, dapat lang! Anyway, dito na lang kami sa



number ni Raphael tatawag, ha. Nalimutan mo kasi itong bag mo ng gadgets. Baka magpunta kami d'yan next weekend siguro para dumalaw sa 'yo. Gusto mo bang dalhin na lang namin o kailangan mo ba ang mga 'to nang mas maaga?"

"Hindi naman po siguro—" simula niya bago naisip na baka mas makakatulong sa kanya kung nasa kanya ang mga gadgets niya. What better way to find out who she was than by looking through her phone?

"Ganito na lang. Itatanong ko sa papa mo kung puwedeng sa weekend na lang kami magpunta para mas maaga naming madala."

"Ay, sige po. Saka mas gusto ko pong mas maaga kayong dumalaw."

"Ako rin. Nami-miss na kita! Saka gusto ko talagang makita 'yang manggahan ni Raphael."

Ilang sandali pa silang nagkuwentuhan ng mama niya. Nang magpaalam ito, nakadama siya ng lungkot. Parang ayaw pa niyang ibaba ang telepono.

Gayunpaman, nagpaalam na rin siya at ibinalik kay Raphael ang telepono nang tuluyan nang putulin ng ginang ang tawag.

"Itatanong daw ni Mama kay Papa kung puwedeng sa weekend na sila magpunta rito."

“Kahit kailan naman puwede silang magpunta rito. Sabi ko nga, puwede rin silang magbakasyon dito.”

“Nalimutan ko rin daw ’yung phone saka tablet ko sa bahay. Dadalhin na lang daw nila. Baka makatulong sa pagbalik ng memory ko kapag nakita ko ’yung mga pictures saka kung sisilipin ko ’yung mga social media accounts ko.” Nagsalubong ang mga kilay niya. “May social media accounts ba ako?”

Mabagal na umiling si Raphael. “Ayaw mo ng *Facebook* kaya hindi ka gumawa ng account. Kung may iba kang accounts, hindi ko alam kasi ako wala ni isa. E-mail lang ang meron ako. Pero may passcode ang phone at tablet mo. Baka hindi mo rin mabuksan.”

Pumalatak siya. “Oo nga, ’no.” Saglit siyang nag-isip. “Hindi kaya significant date sa ’kin like birthday ko o birthday mo ’yung passcode?”

Muling umiling si Raphael. “Hindi ko talaga alam, Marga.”

Kumurap siya habang nakatingin sa lalaki. Ibig bang sabihin hindi pa nila nararating ang ganoong level ng tiwala sa isa’t isa noong nagpakasal sila? O talagang hindi lang sila iyong couple na magpapalitan ng passwords at passcodes?

“May WiFi ba kayo rito?”

Umiling muli si Raphael. “Hindi pa ako nakakapagpakabit. Hindi naman daw kasi nila kailangan sabi nina Auntie. Bakit?”

“Naisip ko kasing i-*Google* sana ang sarili ko. Hindi naman dahil narcissistic ako, ah,” mabilis niyang bawi na nagpangiti kay Raphael. “I just... ’yun nga, para ma-research ko ang sarili ko.”

Tumango ito. “Wala kaming *Internet* pero puwede mong hiramín ’yung tablet ko. Subukan mo kung may 3G o LTE. O puwede rin tayong maghanap ng *Internet* café. Meron naman siguro sa malapit o kahit sa bayan.”

“Sige. Kailan puwede?”

“Kahit kailan mo gusto. Sabihan mo lang ako,” sabi nito bago binago ang usapan. “Nakaluto na siguro ng hapunan si Auntie Sol. Halika na sa ibaba para makakain ka na.”

“Sige.”

Inalalayan siya nitong maglakad palabas ng silid bago siya muling binuhat pababa ng hagdan. Ngayon, ibinalot na niya ang braso sa mga balikat nito. Nasasanay na yata siya masyadong binubuhat-buhat ng mister niya.

Pero wala namang masama, di ba? Hindi niya

kailangang magpakipot o pigilan ang sariling ma-in love dito ulit. Asawa naman niya ito. At sa ipinapakita nito, hindi na nakakapagtaka kung bakit mabilis siya nitong napaibig.



Pagkatapos maghapunan, umakyat na sila ulit ng asawa niya sa itaas. Sumama sa kanila si Stark, ang aso nina Auntie Sol, na dumerecho sa ilalim ng kama niya.

“Stark,” tawag ni Raphael sa aso matapos siya nitong tulungang maupo sa kama. “Huwag ka d’yan.”

Lumuhod pa ito sa sahig para silipin ang ilalim ng kama niya.

“Hindi, okay lang,” sabi niya sa asawa. “I think I like dogs.” Tiningala siya nito at nagkibit-balikat siya. “Cute siya. Saka mabait naman siya.”

Tumayo na si Raphael. “Kung makulit siya, palabasin mo lang. Bababa naman ’yan kasi d’un ’yan natutulog sa ibaba.”

Tumango si Marga at nginitian ang asawa. Saglit silang nagtinginan, parehong hindi alam ang sasabihin bago tumango si Raphael.

“Well, anyway. Magpahinga ka na. Kung may kailangan ka, d’yan lang ako sa tapat. Bukas ng hapon tayo mamasyal sa manggahan.”

Tumango siya ulit na hindi inaalis ang paningin sa asawa.

“Good night,” sabi nito.

“Good night,” sagot niya.

Nagsimula itong maglakad palabas ng silid bago ito huminto, saglit na natigilan, pagkatapos ay binalikan siya, sinapo ang kanyang mga pisngi pagkatapos ay hinalikan siya sa noo.

Nagpalitan silang muli ng nahihiyang ngiti bago ito tuluyang lumabas ng silid niya at isinara ang pinto sa likuran nito.

Hinayaan ni Marga na lumabas ang ngiti sa kanyang mga labi. Ang sweet kasi nito. Para silang mga bata. Naisip na naman niya kung paano kaya sila nagligawan ng lalaki. Sabi nito siya raw ang nanligaw. Hindi niya alam kung niloloko lang siya nito o ano.

Bigla niyang naalala ang journal na nakita niyang nakaempake sa isa niyang bag kanina. Kinuha niya iyon mula sa ilalim ng mga romance novels na inilapag niya sa nightstand saka sumandal sa mga unan niya.

Nang matapos niya ang pagbabasa, halos alas dos na ng umaga at nalambing na rin siya ni Stark na payagan itong matulog sa tabi niya kaya kasalukuyang nakaunan ang aso sa kandungan niya.

May kaunti na rin siyang alam tungkol sa sarili.

Halata sa mga entries na mahal niya ang mga magulang niya at ang mga kaibigan, na mahilig siyang mag-travel, na medyo mabait naman siyang tao kung pagbabasehan ang mga entries niyang naglalarawan sa mga outreach programs at charity events na inorganisa at sinalihan niya.

She was also an extrovert who loved people and who seemed to know everybody base sa dami ng mga pangalang nakasulat sa journal niya na kasama niyang lumabas para magkape o mag-dinner. Pero mahilig din siyang magkulong sa kuwarto paminsan-minsan para manood ng DVDs o magbasa ng mga libro. She listed every book she read every day and all of them were romance novels. That told her she had a romantic heart who was yearning for her own happily ever after.

So far, she liked herself. Mukhang hindi naman siya maarte o masungit, at generally ay positibo ang mga entries niya. Wala siyang siniraan o ikinuwento na kaaway niya.

Sana lang talaga nadala niya ang journal niya para ngayong taon. Gusto niyang mabasa ang love story nila ni Raphael.

## CHAPTER *Three*

*A*las tres nang hapon kinabukasan nang ayain ni Raphael si Marga na mamasyal sa manggahan. Tirik pa ang araw pero presko raw sa pagdadalhan nito sa kanya. At dahil may kalayuan sa bahay, ayaw siya nitong paglakarin. Sa halip, sasakay raw sila sa motorsiklo ni Uncle Ruel.

Kunot-noo niya iyong pinagmasdan nang sumakay roon si Raphael at itinaas ang stand ng motorbike.

“Marunong ka ba n’yan?”

“Oo naman,” natawang sagot nito. “Hindi naman kita papasakayin dito kung hindi.”

Lumapit siya at humawak sa balikat ni Raphael. Inalalayan siya nitong sumakay sa motor sa likuran

nito pagkatapos ay hinila pa ang mga braso niya para ipulupot ang mga iyon sa baywang nito.

Nakakahalata na siya rito sa asawa niya, ah. Panay ang panyayakap at pagpapayakap nito sa kanya. Sikreto na lang siyang napangiti pagkatapos ay mas hinigpitan ang yakap dito nang magsimulang umandar ang motorsiklo.

“Hindi ba natin kailangan ng helmet?”

“Hindi naman tayo lalabas sa highway saka babagalan ko lang ang takbo. Huwag kang mag-alala. Mag-iingat ako.”

Gayunpaman, inabot pa rin siya nang ilang minuto bago nag-relax. Medyo lumuwag ang kapit niya sa baywang ni Raphael at nagsimula na siyang mag-enjoy. Pumikit siya at nagtuon sa pagkiramdam ng ihip ng hangin sa mukha niya at sa init ng araw at ng katawan ng asawang yakap niya.

May nadaanan silang mga trabahador na namimitas ng mangga. Kumaway ang mga ito nang businahan ni Raphael. May mga bata ring humabol sa motor nila habang masayang tumatawa at kumakaway.

Ilang minuto rin silang bumiyahe bago iniliko ni Raphael ang motorsiklo sa isang makipot na daan papunta sa kumpol ng mga puno. Malinis ang



damuhan doon at malilim kaya maaaring tambayan. May duyan ding nakatali sa pagitan ng dalawang puno, at isang swing na gawa sa lumang gulong ng kotse.

Tinulungan siya ni Raphael makababa ng motorsiklo bago nito iniangat ang upuan ng sasakyan para kunin ang isang red-and-white checkered picnic blanket at isang maliit na woven basket. Saka siya nito giniya sa damuhan sa ilalim ng lilim ng mga punong hitik sa bunga.

Magkatulong nilang inilatag ang kumot saka sila naupo sa gitna niyon. Pinanood niyang usisain ni Raphael ang laman ng basket at hindi niya napigilang mapangiti dahil halata ang pagka-relaxed at ang tuwa sa mukha nito. Iniabot nito sa kanya ang isang sandwich at isang bottled orange juice at napansing nakangiti siya rito.

“Bakit?”

Tinanggap niya ang merienda. “Para kasing tuwang-tuwa ka. Ngayon lang kita nakitang ganyan... well, at least ngayon lang mula nang magising ako,” pagtatama niya. “Naisip ko kasing seryoso kang tao. Alam mo na, ’yung suplado.”

Natawa si Raphael. “Ganoon yata talaga ako kapag matagal naglalagi sa Maynila,” paliwanag nito.

Tumingala ang lalaki sa asul na asul na langit na tanaw sa pagitan ng mga sanga, dahon at bunga ng puno ng mangga. Huminga ito nang malalim saka siya muling tiningnan. “Kaya nga kita inaya rito. Kasi alam kong makakapagpahinga ka talaga rito. Malayo sa problema, sa stress. Saka maaalagaan kita rito.”

Inilibot ni Marga ang mga mata sa paligid. Totoo ang sinabi ni Raphael. Puro berdeng dahon at asul na langit ang nakikita niya. Walang ingay, walang usok, walang ibang tao kundi sila. She liked it.

“Gusto mo ng mangga? Ipipitas kita.”

“May panungkit ka?”

Natawa ito. “Wala pero aakyat ako sa puno para mamitas.”

Tumayo na rin siya nang tumayo ang lalaki para lumapit sa puno na may mababang sanga. Hinawakan nito iyon.

“Kung mahulog ako at mawalan ng malay, bumalik ka kaagad sa bahay para tawagin si Uncle Ruel—”

“Hoy!” sigaw niya na hinahablot ang braso ng lalaki sa takot. “Huwag na lang! Baka mahulog ka nga!”

Tumawa si Raphael. “Niloloko lang kita. Sanay akong umakyat ng puno. Trabaho ko ’to dati.” Pinalis

nito ang mga daliri niya. “Dito ka lang. Hindi ako aakyat nang mataas.”

Nag-aalala pa rin, humakbang paatras si Marga na hindi inaalís ang tingin sa asawa. Humalukipkip siya habang pinapanood si Raphael.

“Hindi ba puwedeng batuhin na lang natin ng tsinelas hanggang sa mahulog?” tawag ni Marga mula sa ibaba.

“Malalamog ’yung mangga.”

Umapak ito sa pinakamababang sanga ng puno saka inabot ang susunod at muling umakyat doon. Bahagya siyang nag-relax nang mapagtantong alam nito ang ginagawa. Alam ni Raphael kung saan aapak at kung aling sanga ang kakaya sa bigat nito.

Hindi pa ito ganoon kataas, abot na nito ang ilang hinog na mangga. Namili ito ng maganda ang hugis at matingkad ang kulay saka iyon pinitas. Tiningnan siya ng asawa. “Ihahagis ko sa ’yo, ah. Saluhin mo.”

Wala siyang tiwala sa catching skills niya pero sige. Humakbang siya palapit at iniunat ang mga braso. “Wala bang higad d’yan?”

“Meron.”

Impit siyang tumili at muling umatras. Malakas na tumawa ang lalaki. “Biro lang! Dahan-dahan at

baka matapilok ka d'yan.”

“Alam mo, mas gusto ko yata ’yung suplado ka.”

Lumapit ulit sa puno si Marga at tumingala sa lalaki. Binitawan nito ang mangga na nasalo naman niya. Namitas ng ilan pa si Raphael bago ito nagsimulang bumaba ng puno.

“Walang kutsilyo,” sabi ni Marga matapos tingnan ang loob ng basket nila nang makaupo silang muli sa kumot. “Paano natin ‘to babalatan?”

“City girl,” biro ni Raphael bago kinuha ang mangga at ginamit ang mga daliri para balatan iyon. Pinisil lang nito ang dulo ng isang mangga saka paikot na binalatan ang prutas. Kunot-noo itong pinanood ni Marga.

“May panghugas naman tayo ng kamay,” sabi nito nang iabot sa kanya ang binalatang prutas. Nag-iwan ito ng balat sa kalahating parte niyon para doon niya hawakan. Nagbalat din ito ng isa pa para sa sarili saka iyon kinagatan. Nang makita ni Marga kung paano iyon kinain ng lalaki, saka lang niya maingat na tinikman ang sariling mangga.

“Ang tamis,” masaya niyang buntong-hininga.

“Matamis talaga ang mangga namin rito. Mas gusto ko pa nga ito kaysa sa mangga ng Guimaras.”

“Hindi ko maalala kung nakatikim na ako ng

manggang Guimaras pero ang sarap nga nito.”

Ipinagbalat pa siyang muli ng isa pa ni Raphael at nagpasalamat siya bago iyon kinain. Nang may tumulong katas ng mangga sa baba niya, saglit siyang nataranta dahil malagkit na rin ang mga daliri niya. Si Raphael ang nagpunas ng bibig niya gamit ang paper towel na kinuha nito mula sa loob ng dala nilang basket.

“Gusto mo pa?” tanong nito nang maubos niya ang kinakain.

Umiling si Marga at tinulungan siya nitong maghugas ng kamay gamit ang baon nilang tubig.

Nang matapos tuyuin ni Marga ang mga kamay, nilingon niya si Raphael na nahiga sa tabi niya sa kumot. May mapang-anyaya itong ngiti nang tapikin nito ang espasyo sa tabi nito.

Mahina siyang tumawa at nahiga na rin sa tabi nito. Hindi siya tumutol nang isilid ni Raphael sa ilalim ng mga balikat niya ang isa nitong braso. Lumapit pa siya lalo rito at inihilig ang ulo sa balikat nito.

Dapit-hapon na. Mas mababa na sa kalangitan ang araw at mas presko na ang hangin. Kung pipikit si Marga, sigurado niyang makakatulog siya rito.

“Ilang taon ka na n’ung lumipat ka rito?”

Nadama na naman niya ang tensyon sa katawan ng asawa. Sa tuwing may itinatanong siya tungkol sa nakaraan nito, lagi itong natitigilan. Hindi naman niya alam kung napag-usapan na nila ito o hindi pa.

“Fifteen,” sagot nito.

“Sa Olongapo ka ba ipinanganak?”

“Oo.”

“I’m sorry. I’m sure alam ko naman na ang sagot dito pero... nasaan ang mga magulang mo?”

Hindi ito kaagad sumagot. Nakatingin lang ito sa langit. “Ulila na ako.”

Kusang nagtungo sa dibdib nito, sa ibabaw ng puso ni Raphael, ang isa niyang palad. “I’m sorry,” bulong niya.

Hinalikan nito ang noo niya. “Puwede bang huwag muna ’yun ang itanong mo sa ’kin?” tanong nito. “Gusto ko lang na mag-relax muna tayo. Iba na lang muna ang pag-usapan natin.”

Kahit iyon ang gusto talaga niyang pag-usapan, pumayag na rin siya. Ayaw kasi niyang mangulit. Isa pa, naniniwala siyang ikukuwento iyon sa kanya ng lalaki kapag handa na ito.

“All right. Ano ba?” Saglit siyang nag-isip. “So, fifteen ka na n’ung lumipat ka rito. Marami ka bang niligawan dito?”

Napangiti siya nang muling malakas na tumawa si Raphael. “Wala rin. Wala akong panahong manligaw noon. Bahay, eskuwela, manggahan lang ang buhay ko.”

“Parang imposible. Hindi ka nagka-girlfriend dito?”

“May trabaho na ako n’ung nag-girlfriend ako. Second girlfriend pa lang kita.”

Mabilis niya itong nilingon. “Talaga? Hindi nga?”

Tumawang muli ang lalaki. “Ganyan din ang reaksiyon mo n’ung una kong sinabi ’yan sa ’yo.”

Tumagilid si Marga, inangat ang sarili at itinukod ang siko sa kumot para mapagmasdan ang guwapong mukha nito. “Hindi nga,” pangungulit niya. “Second girlfriend mo lang talaga ako?”

“Mukha bang nakarami na ako?” nakabusangot nitong tanong.

“Hindi! Kaya lang parang masyado kang guwapo para hindi ka habulin ng mga babae.”

Iniangat ni Raphael ang isa nitong kamay at inipit sa likod ng isa niyang tainga ang buhok niyang nililipad ng hangin. “May mga humabol naman sa ‘kin kaya lang mabilis akong tumakbo,” biro nito. “Saka sa ’yo lang ako nagpahuli.”

Natawa siya pero namula ang mga pisngi sa tuwa. “Ang corny mo pala.”

“Tumatawa ka naman.”

Nahiga na lang siyang muli sa tabi nito. “Oo nga.”

Natigilan siya nang hilahin siya palapit ni Raphael at hinalikan siya sa sentido.

Nang tingalain niya ito, nakangiti lang sa langit si Raphael. Pinagmasdan niya ang profile nito, ang matangos nitong ilong at ang magandang mga labi. Bigla niyang napaisip kung ano kaya ang pakiramdam ng first kiss nilang dalawa.

“Hinalikan mo ba ako n’ung first date natin?”

Tumungo si Raphael sa kanya. “Oo. N’ung hinatid kita sa inyo.”

Nagpigil siya ng hininga bago muling nagtanong. “How was it?”

Kumurba ang mga labi ng lalaki at nakita niyang nagningas ang init sa mga mata nito habang pinagmamasdan siya. “Puwede naman nating ulitin. Parang first kiss na rin natin ’to tatal di mo maalala ’yung una.”

Parang ganoon na nga iyon. Parang first kiss nga rin nila ang mangyayari dahil pang-first kiss talaga ang reaksiyon ng katawan niya.

Tumikhim siya dahil parang may kung anong



nakabara sa lalamunan niya. “Okay.”

Ngumiti si Raphael bago bumaba sa mga labi niya ang mga mata nito. Hindi sinasadyang umawang ang bibig ni Marga. Halos malasahan na niya ang halik nito sa mga labi niya dahil sa paghagod ng mga mata nito roon.

Pinanood niyang iangat ni Raphael ang sarili. Lalong bumilis ang tibok ng puso niya nang umayos ito at dumagan sa kanya.

“Ganito ang first kiss natin?” tanong niya na namimilog ang mga mata.

“Ganito ’yung pangarap kong first kiss natin,” pagtatama nito.

He braced his upper body over hers, his arms bracketing her. Kusang umangat ang mga kamay niya patungo sa mga balikat nito. Her fingers kneaded his hard muscles before sliding to the nape of his neck.

Nang ibaba nito ang ulo, siniguro nitong hindi magdikit ang mga dibdib nila. Hindi niya alam kung para saan pa gayong nakadapa ito sa ibabaw niya at nadarama niya sa hita niya ang pagkalalaki nito.

Pumikit siya nang dumantay sa mga labi niya ang mga labi ni Raphael. The kiss was gentle, testing, teasing. She sighed deeply and slid her fingers into

his hair. When he deepened the kiss, she instinctively tilted her head to one side and parted her lips.

Doon nagbago ang halik.

He groaned into her mouth and finally lowered his body to hers, flattening her breasts beneath his chest, his hips twisting until her legs fell apart to make a space for him between them. Humigpit ang yakap nila sa isa't isa at nadama ni Marga na nagpupumilit siyang mapalapit pa lalo kay Raphael gayong wala naman nang naghihiwalay sa kanilang dalawa maliban sa mga damit nila.

When his tongue slid into her mouth, she welcomed it with her own, drawing on the sweetness and uniquely male taste of him until she was dizzy and burning with desire.

Hindi na siya nagtataka ngayon kung bakit second date pa lang nila, bumigay na siya rito. He was probably the first and only man who had ever had this effect on her.

Dapat ba nahihiya siya? Estranghero ito. Ni hindi pa nga niya makuhang isuot ang wedding ring nila. Nagdadalawang-isip kasi siya. Parang may hinihintay siya at may gusto siyang masiguro tungkol kay Raphael at sa relasyon nila.

Her mind was empty of those doubts at the

moment though, because her mouth was filled with the intoxicating taste of him.

Nag-angat ng ulo si Raphael at idinikit ang noo nito sa noo niya. Nakayakap pa rin siya sa mga balikat nito. Nadarama pa rin niya ang malakas at mabilis na tibok ng puso nitong dumadagundong habang magkadantay ang dibdib nito sa dibdib niya. At higit sa lahat, nadarama rin niya ang kahandaan nito sa pagitan ng mga hita niya.

“That was one heck of a first kiss,” bulong niya.

Mahina itong tumawa bago siya muling hinalikan sa mga labi, sa ilong at sa noo. “Kaya alam mo na kung bakit hindi na ako nakatiis n’ung second date natin. Idinerecho na kita sa kama.”

“Alam ko na rin kung bakit pumayag ako.”

Hinaplos niya ang pisngi ng asawa at idinaan ang lapad na bahagi ng hinlalaki niya sa mga labi nito, then she pressed her fingers over his lips to stop him when he started to lower his head to hers again.

She let him kiss her, holding on to him as she kissed him back. Pero nang madama niyang nagsisimulang humaplos ang isa nitong kamay sa tiyan niya paakyat sa dibdib niya, iniibas niya ang bibig at hinawakan ang kamay nito.

“Teka, Raphael. Sandali.”

Mapagtanong siyang tiningnan ng asawa. Sinalubong niya ang mga mata nito.

“Ano kasi, alam kong mag-asawa tayo, at may mga karapatan ka, kaya lang—” nauutal niyang simula.

“Karapatan? You mean mag-expect ng sex?”

Nahihiya siyang tumango.

“Yes, I do,” usal nito pero bago pa siya makadama ng disappointment, nagsalita na itong muli. “Oo, karapatan kong manghingi ng sex but that’s exactly it. Karapatan kong manghingi pero wala akong karapatang kunin iyon nang walang permiso mula sa ’yo kahit pa mag-asawa na tayo.”

She looked up at him hopefully. “Kasi ano, I slept with you on the second date so baka iniisip mo... Ngayon kasi...”

Bumuntong-hininga ito pero ngumiti sa kanya at muli siyang hinalikan sa noo. “Kung hindi ka pa handa, okay lang sa ’kin, Marga. Puwede naman akong maghintay.”

She smiled sweetly at him. He groaned, bent his head and kissed her again. Pagkatapos ay muli itong umungol at gumulong paalis mula sa ibabaw niya. Umayos ito para nakatagilid ito sa tabi niya at ibinalot sa baywang niya ang isang braso. Pinagmasdan nito

ang mukha niya na kunot ang noo.

“Paano kung ligawan kita ulit?”

Tumaas ang mga kilay ni Marga at kumibot ang mga labi niya. Nagkibit-balikat ang lalaki at idinikit ang ilong sa sentido niya. “Puwede namang huwag na rin kung ayaw mo.”

Siniko niya si Raphael bago siya humarap dito at ibinalot ang isang braso sa leeg nito. Natawa siya nang mapahiga ito at siya na ang dumagan dito. Mahigpit siya nitong niyakap at hinaplos ang buhok niya.

Hinalikan ni Raphael ang tuktok ng ulo niya. “Sige, magligawan muna tayo. ’Tapos kapag in love ka na sa ’kin, saka na kita ulit idederecho sa kama.”

She giggled, sighed with contentment, then relaxed against his chest. Kung ganito ang takbo ng relasyon nila, alam niyang hindi matagal ang ipaghihintay nito. If he could seduce her to sleep with him on the second date, what more now that they were already married?